# Mapagbantay ang Empleyado sa pamamagitan ng **Kapangyarihan ng Hello**

*Mga alertong empleyado ay maaaring makakita ng kahina-hinalang aktibidad at iulat ito*



Mabisang pag-gamit, ng mga tamang salita ay maaaring maging isang malakas na instrumento. Ang simpleng pagsasabi lamang ng "Hello" ay maaaring mag-udyok ng isang kaswal na pakikipag-usap sa hindi kilalang mga indibidwal at makakatulong sa iyo na matukoy kung bakit sila naroroon. Ang pamamaraang **OHNO - Obserbahan, Simulan ang Pag-hello, I-navigate ang Panganib, at Kumuha ng Tulong** - ay tumutulong sa mga empleyado na obserbahan at suriin ang mga kahina-hinalang pag-uugali, binibigyan sila ng kapangyarihan upang mapagaan ang potensyal na panganib, at makakuha ng tulong kung kinakailangan.

Ang pamamaraang **OHNO** sa pag-iwas sa panganib ay nakasalalay sa makatuwirang mga tao upang gawin ang mga obserbasyong ito para maayos na makita at maulat ang terorismo / kriminal-na may kinalaman sa kahina-hinalang pag-uugali.

## OBSERBAHAN

**Manatiling mapagbantay sa iyong paligid.**
*Mga Alertong empleyado ay maaaring makatukoy ng kahina-hinalang pag-uugali tulad ng:*

- Paglalagay ng isang bagay o pakete at pag-abandona nito o pag-iwan sa lugar.
- Ang matagalang interes sa o pagkuha ng mga larawan/bidyo ng mga tauhan, pasilidad, katangian sa seguridad, o imprastraktura sa isang hindi pangkaraniwan o patago na pamamaraan.
- Ang mga hindi awtorisadong mga tao na sumusubok na pumasok sa isang pinagbabawal na lugar o gumagaya sa mga awtorisadong tauhan.
- Pag-gala sa isang lokasyon nang walang makatuwirang paliwanag
- Pag-iwas sa mga tauhan ng seguridad o sistema.
- Naihayag o ipinahiwatig na banta ng karahasan.

## SIMULAN ANG PAG-HELLO

**Ang pagkilala sa isang panganib ay maaaring mahadlangan ang isang potensyal na banta.**
*Gamitin ang* Kapangyarian ng Hello *upang makisali sa mga indibidwal sa iyong pwesto sa pamamagitan ng paggawa o pagsasabi ng sumusunod (tip: susi ang aktibong pakikinig.):*

- Ngumiti, makipag-ugnay sa mata, at ipakilala ang iyong sarili.
- "Hello, kumusta ka?"
- "Paano kita matutulungan?"
- "Naghahanap ka ba ng isang bagay o partikular na isang tao?"
- "Narito ako kung sakaling kailangan mo ng tulong."
- Ang paglapit sa isang taong tiningnan na kahina-hinala ay may mga potensyal na panganib. Sa ilang mga sitwasyon maaaring mas maipapayo na i-reportt ang aktibidad sa mga may awtoridad at pagsasanay upang mamagitan.

## I-NAVIGATE ANG PANGANIB

**I-navigate ang panganib sa pamamagitan ng pagtatanong sa iyong sarili kung ang pag-uugaling napansin mo ay nagbabanta o kahina-hinala.**
*Kapag nagmamasid sa aktibidad o pag-uugali na makakapukaw sa makatuwirang hinala sa terorismo o iba pang aktibidad na kriminal, dapat isaalang-alang ng mga empleyado ang mga katanungang ito:*

- Lumilitaw bang lehitimo nilang tinatangkilik ang negosyo o serbisyo?
- Naaayon ba ang kanilang pananamit sa panahon o para sa pagtitipon ng araw?
- Iniiwasan ba nila ang seguridad?
- Nagtatanong ba sila tungkol sa mga pagpapatakbo ng negosyo o impormasyon ng empleyado? (hal., "Sino ang magsasara?" o "Ilan ang mga taong nagtatrabaho dito?", atbp.) (hal., "Sino ang magsasara?" o "Ilan ang mga nagtatrabaho dito?", atbp.)
- Nagiging sanhi sa iyong pakiramdam na may banta? (Kung sa tingin mo ay may pagbabanta sa iyo, mahinahon kang lumayo at tumawag sa 9-1-1.)

## KUMUHA NG TULONG

**Matapos ang pag-navigate sa panganib, kumuha ng tulong mula sa namamahala o mga awtoridad.**
*Gamit ang OHNO, magbigay ng pinakamabuting impormasyon sa mga unang tumutugon at mga tauhan ng seguridad.*

- Tumawag sa 9-1-1 para sa mga emerhensiya kung nasa panganib.
- Para maisaayos ang iyong saloobin sa namamahala o pulisya.Tanungin ang iyong sarili ng 5 tanong:
  - Ano ang nangyayari?
  - Sino ang gumagawa nito?
  - Saan ito nagaganap?
  - Kailan mo ito na-obserbahan?
  - Bakit nandito sila?
- Maaari kang magsumite ng mga kahina-hinalang report ng aktibidad sa iyong lokal na nagpapatupad ng batas o tawagan ang hindi pang-emergenhensiya na numero.

**Para sa karagdagang mapagkukunan ng Kapangyarihan ng Hello** mangyaring bisitahin ang cisa.gov/employee-vigilance-power-hello.

Ang kampanya ng DHS' "If You See Something, Say Something®" ay nagbibigay ng karagdagang impormasyon tungkol sa kung paano makilala at maiulat ang mga nagpapahiwatig ng kahina-hinalang aktibidad na nauugnay sa terorismo.

**English into Tagalog**

Inilalarawan ng pamamaraang OHNO ang mga aktibidad at pag-uugali na maaaring kahina-hinala o nagpapahiwatig ng kriminal na aktibidad. Ang mga aktibidad na ito ay maaaring maprotektahan ayon sa konstitusyon at dapat iulat lamang kapag may mga masasabi na katotohanan upang suportahan ang isang makatuwirang konklusyon na kahina-hinala ang pag-uugali. Huwag mag-ulat na batay lamang sa mga protektadong aktibidad, lahi, relihiyon, kasarian, oryentasyong sekswal, o kombinasyon lamang ng mga nasabing kadahilanan.